



Collective Action. Transformation. Freedoms.

LILAK (Purple Action for Indigenous Women's Rights)

Pahayag para sa International Women's Day 2019

Katutubong Kababaihan – Nagtatanggol, Lumalaban

Pagbabago - ang pangakong binitiwang, pinaniwalaan at patuloy pa ring inaasahan ng milyon milyong Pilipino. Yan pa rin ang pangakong bitbit ng mga nagsisisayaw at kumakantang mga kumakandidato ngayong eleksyon. Ang sabi nila, hindi naman sa isang iglap ay maabot ang pagbabagong ninanais, kung kaya't sila ay dapat maihalal upang mapabilis ang pagpapatupad ng pagbabago ng pamahalaang Duterte. Subalit para sa mga katutubong kababaihan, ramdam na ramdam ang hagupit ng pagbabago na dala ng administrasyong ito - higit na kahirapan, kagutuman at malawakang karahasan, hindi kaginhawaan.

Imbes na pagtibayin ang mga batas at programa para sa kasiguruhan sa lupaing ninuno ng mga katutubo at suportahan ang angkop at pangmatagalang planong pangkaunlaran para sa kanila, ay binubuksan ang mga lupa, katubigan, minerales, at ang natitirang kagubatan sa mga mapanirang negosyo ng mga malalaking korporasyon kagaya ng Kaliwa Dam sa Quezon, plantasyon at minahan. Ang programang pang ekonomiya ng pamahalaan ay pumapabor pa rin sa mga dayuhan at hindi para sa kabuhayan ng mga mamamayan lalo na sa kanayunan at sa katutubong pamayanan. At sa ngayon, pinipilit pa ring baguhin ang ating Konstitusyon para pahinain ang mga proteksyon sa ating likas yaman at palakasin ang kontrol ng mga dambuhalang korporasyon.

At mula sa karanasan, kung nasaan ang puhunan naroroon din ang militarisasyon at sinasabing digmaan. Ang pagtutol sa mga proyektong sumisira sa kalikasan at nagiging sanhi ng pagkahati-hati ng pamayanan ay idinudugtong sa pagiging rebelde o terorista. Ang pagdeklara ng Batas Militar sa Mindanaw ay nagpaigting sa malawakang sapilitang pag-alis ng mga katutubo sa kanilang mga kumunidad sa takot na maipit sa gulo o mapagkamalang kontra gobyerno. Sa ilalim ng pamahalaang Duterte, humahaba ang listahan ng mga tinuturing na rebelde na kasama ang mga katutubong kababaihang nagtatanggol ng kanilang karapatan; at dumarami na sa kanila ang nauulila sa ama, asawa at mga anak. Naryan ang TAMASCO Massacre, kung saan pinatay ng mga militar ang 8 sa mga T'boli-Manobo kasama si Datu Victor Danyan ng mga military, dahil ito daw ay encounter. Sina Datu Victor ay hindi mga rebelde kundi mga maririing tumutol sa plantasyon ng kape ng Consunji sa loob ng kanilang katutubong lupain.

Sa harap ng lahat ng bantang ito sa karapatan at kabuhayan, ang katutubong kababaihan ang pangunahing nagpapasan ng bigat at sila din ang inaasahang humanap ng paraan upang ang kagutuman, at kawalan, ay maigpawan. Sila na mga katutubong kababaihan na ang pagtingin ng lipunan ay nababalot ng kahinaan,; sila na mga katutubong kababaihan na patuloy pa ring nakikipaglaban para kilalanin ang kakayahan - sa loob ng pamilya, ng komunidad, at sa kalakhan ng lipunan,.

Ngaayong araw ng mga kababaihan, ating kilalanin at ipagdiwang ang mga karapatan ng mga katutubong kababaihan, at ang kanilang tapang sa paggiit ng mga ito; ipagdiwang ang kanilang tibay ng damdamin na patuloy na mangarap, at kumilos para sa kaganapan ng mga ito – ang mabuhay na may sapat na pagkain ang kanilang pamilya, na may uuwang payapang tahanan, na may aasahang pagkalinga mula sa pamahalaan, at may paggalang mula sa kapwa bilang mga katutubo, bilang mga kababaihan.

Kami sa LILAK ay kakapit-bisig ng mga kababaihang lumalaban sa karahasan, sa kabastusan, sa diskriminasyon, sa pagpapahirap, sa pag-agaw ng mga lupaing ninuno, at pagkitil ng buhay.

Kami sa LILAK ay kasama sa hanay ng mga kababaihan na bahagi ng malawakang kilusan na nagtatanggol, at lumalaban para sa karapatan para sa lahat, para sa dignidad ng bawat isa, at tunay na kapayapaan sa loob ng tahanan, komunidad, at lipunan.

Contacts:

Judy A. Pasimio – 09175268341 / judy@lilak.net

Abby Dupale – 09155045530 / abby@lilak.net